



Universiteit
Leiden

The Netherlands

Globalization of Waldorf education: an ethnographic case study from the Philippines

Schie, T.J. van

Citation

Schie, T. J. van. (2026, February 6). *Globalization of Waldorf education: an ethnographic case study from the Philippines*. Retrieved from <https://hdl.handle.net/1887/4289509>

Version: Publisher's Version

License: [Licence agreement concerning inclusion of doctoral thesis in the Institutional Repository of the University of Leiden](#)

Downloaded from: <https://hdl.handle.net/1887/4289509>

Note: To cite this publication please use the final published version (if applicable).

Buod (Tagalog / Filipino)

Ang disertasyong ito ay nagbibigay ng isang etnograpikong pag-aaral tungkol sa isang paaralang Waldorf sa Pilipinas, na sinusuri kung paano naisasabuhay ang edukasyong Waldorf sa kontekstong Pilipino. Bagama't natatangi-, nag-aalok din ito ng mga pananaw tungkol sa pagkalaganap ng edukasyong Waldorf sa daigdig.

Pangunahing natuklasan ng pag-aaral:

Metodolohikal na ambag: Nag-aalok ang disertasyong ito ng paliwanag para sa tinatawag na pananaw ng *guro-etnograpo*. Ang ganitong pananaw ay nagmumula sa mga pananaliksik na isinagawa ng mga guro sa loob ng kanilang sariling kapaligang pang-edukasyon — halimbawa, mga guro sa Waldorf na nagsasaliksik tungkol sa edukasyong Waldorf. Bagama't may panganib ng pagkiling dahil sa lapit ng mananaliksik sa paksa, nagbibigay rin ito ng mahalagang mga datos mula sa aktwal na karanasan at nagbibigay ng direktang pagmumungkahi para sa pagpapabuti ng mga gawi sa pagtuturo.

Teoretikal na ambag: Ipinapanukala ng disertasyong ito ang paggamit ng pamamaraan ni Anna Tsing tungkol sa globalisasyon. Ayon sa kanyang pananaw — na kilala bilang *ethnography of global connections* — ang mga proseso ng globalisasyon ay konkreto at partikular, hindi abstrakto. Samakatuwid dapat ay tumuon ang mga mananaliksik sa mga konkreto at partikular na kaso at pag-aralan ang tinatawag na *zones of awkward engagement*: mga tagpo ng pagkikita kung saan ang tila unibersal na mga ideya ay nagkakaroon ng panibagong lokal na kahulugan. Sa mga ganitong lugar, maaaring lumitaw ang kalituhan, tensiyon, at minsan ay kahusayan. Nagbibigay rin ang balangkas ni Tsing ng matibay na dahilan upang gumamit ng tradisyunal na etnograpikong pamamaraan, dahil ito'y nagdudulot ng lalim at tiyak na pananaw.

Sa konteksto ng edukasyong Waldorf sa Pilipinas, kabilang sa mga *zones of awkward engagement* ang pagsasama ng mga konseptong antroposopikal sa mga pananaw na Pilipino; ang interaksyon sa silid-aralan ng mga batang mula sa iba't ibang pinagmulan—tagalunsod at tagabayan, mayaman at mahirap; at ang mga tensiyon na dulot ng Eurocentric na nilalaman ng kurikulum sa isang paaralang Ilonggo.

Empirikal na ambag: Isa ito sa kakaunting pag-aaral na tumitingin sa globalisasyon ng edukasyong Waldorf, at marahil ang tanging isinagawa sa konteksto ng Pilipinas. Ang halaga nito ay nasa masusing pagsusuri ng mga nabanggit na lugar ng tensiyon.

Sa larangang panlipunan, kapansin-pansin ang pagbaba ng bilang ng mga batang mula sa baryo kumpara sa pagdami ng mga estudyanteng galing sa lungsod. Maaaring ipaliwanag ito sa pamamagitan ng mga mithiin ng paaralan—tulad ng pagbibigay-diin sa holistikong pag-unlad ng tao at alternatibong pamumuhay na may kasamang masustansyang pagkain (madalas ay vegetarian), mga ekolohikal at kapana-panatiling gawain, at limitadong paggamit ng screen at social media — na marahil ay mas umaayon sa gusto at inaasahan ng

mga pamilyang nabibilang sa demograpikong urban middle class kaysa sa mga pamilyang mahihirap, na maaaring makaramdam ng pagkailang sa mga mithiin na ito. Ang paggamit ng Ingles bilang pangunahing wikang panturo, ang presensya ng mga bisitang banyaga, at ang araw-araw na pagdating ng mga sasakyang mula sa lungsod ay lalong nagpapalalim ng distansyang ito. Gayunman, sa kabila ng mga tensiyong ito, may tagpo rin ng karunungan at kagandahan: sa silid-aralan, naglalaro at nag-aaral ang mga bata nang magkasama, at umiiral ang pakiramdam ng pagkakapantay-pantay.

Sa larangang kultural, makikita rin ang tensiyon, lalo na sa kurikulum. Habang itinuturing itong makabago at kosmopolitan, naglalaman din ito ng maraming elementong Eurocentric, gaya ng mga kuwentong pambata- ng Brothers Grimm o mga aralin tungkol sa mga kilalang manlalakbay na taga-Europa. Gayunman, ang diin ng edukasyong Waldorf sa sining, pag-galaw, at pagkamalikhain ay nagbibigay ng makahulugang alternatibo sa karaniwang edukasyon na nakatuon lamang sa kahusayang intelektwal . Ito rin ay isang anyo ng *awkward brilliance*.

Pananaw para sa lokal na Waldorf education: Nananawagan ang disertasyong ito para sa paglinang ng makabago at lokal na bersyon ng edukasyong Waldorf. Ang batayang palagay ay mas mahusay ang pagkatuto at mas malalim ang kapakanan ng mga mag-aaral kapag nararamdaman nila ang pagkakabilang at pagkilala sa loob ng kanilang kapaligirang pang-edukasyon. Madalas ilarawan ng mga guro sa Waldorf ang prosesong ito bilang *artistic teaching*, dahil nangangailangan ito ng malikhaing pag-iisip—ang pagbubuo at pagbigay ng nakakabagay na aralin sa mismong sandali, sa pakikipag-usap at pakikitungo sa mga bata, upang ang nilalaman ay tumugma sa kanilang karanasan. Sa praktikal, ito ay mahirap. Ang tunay na pagkakahanay ay nangangailangan na ang mga guro ay maging parehong antroposopista at antropologo: gamit ang kanilang malalim na pag-unawa sa pagka-Tao kaya niyang ipatupad ang pananaw ng Waldorf tungo sa kurikulum na nakabatay sa lokal na kultura at komunidad.

Praktikal na kabuluhan: Sa pagwakas, ang praktikal na kabuluhan ng pag-aaral na ito ay nasa kakayahan nitong magsilbing salamin. Iba-iba ang repleksyong makikita ng bawat mambabasa. Para sa akin, bilang isang taong patuloy na umuunlad—bilang guro at pinuno sa isang paaralang Waldorf—ang repleksyong ito ay agarang tumatama. Tinuturing ko ang pananaliksik na ito bilang panawagan tungo sa pagkilos at patuloy na pagpapahusay. Lubos kong inaasahan na ito rin ay makapagpapasigla sa iba sa kanilang paghahangad ng makabago at kultural na inklusibong (Waldorf) na edukasyon.

Translated by: Teresa Lucia Canonero